ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# SANAYSAY AT MALIKHAING PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL TUNGO SA PAGBUO NG MANWAL

**Aira Mae A. Yasoña**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Sanaysay at Malikhaing Pagsulat ng mga Mag-aaral Tungo sa Pagbuo ng Manwal. Ang layunin ay matukoy ang antas ng gabay sa pagsulat; katangian sa pagsulat; pagganap ng mga mag-aaral batay sa malikhaing pagsulat ng sanaysay; alamin kung may makabuluhang ugnayan ang gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay sa pagganap ng mga mag-aaral; at gayundin kung may makabuluhang ugnayan ang pamantayan sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.*

*Binuo ng pitong (7) pangkat ang mga tagatugon sa pananaliksik na nagmula sa iba't ibang strand ng Senior High School sa Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Main Campus na hinirang sa pamamagitan ng purposive sampling. Ginamit sa pananaliksik na ito ang deskriptibong pamamaraan. Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan at sumulat ang mga mag-aaral ng isang malikhaing pagsulat upang makalap ang datos.*

*Ukol sa mga natuklasan, ang antas ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ay masasabing lubhang mataas sapagkat ito ay lubos na sinang-ayunan. Lumabas na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa malikhaing pagsulat ay kasiya-siya. Batay sa mga resulta, naipakitang "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay sa pagganap ng mga mag-aaral gayundin sa huli, lumantad sa resulta na "may makabuluhang" ugnayan sa pagitan ng pamantayan sa pagsulat ng sanaysay at pagganap ng mga mag-aaral.*

*Batay sa mga datos na lumabas, napatunayang may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay gayundin ang pamantayan sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang mga haypotesis ay huwag tanggapin sapagkat ang mga ito ay napawalang bisa. Ipinakita ng mga kinalabasan na ang gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay gayundin ang pamantayan sa pagsulat ay lubos na nakatutulong sa malikhaing pagsulat ng sanaysay.*

*Hango sa kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang rekomendasyon para sa mga susunod na mananaliksik ay maaaring susugan ang isinagawang pag-aaral upang makapaglunsad ng iba't ibang teknik o dulog na lalong mapauunlad ang kakayanan sa pagganap ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat*

**SUSING SALITA:** *Sanaysay; Malikhaing Pagsulat; Pagbuo ng Manwal*

## 1. PANIMULA

Sa larangan ng edukasyon, ang pagsulat ay isang pundamental na kasanayang kailangang linangin ng bawat mag-aaral. Nagsisilbi itong instrumento na nagagamit upang matasa ang kanilang kaalaman, maipahayag ang kanilang mga hinaing o ideya, at makisangkot sa akademikong komunidad. Nagsisimula ang mabisang pagsulat sa pagkakaroon ng malinaw na layunin at wastong kaalaman sa paggamit ng wika.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng kaguruan sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat. Pinapanday nila ang mga mag-aaral kung papaano suriin ang iba't ibang impormasyon at magpahayag ng kanilang sariling pananaw sa isang lohikal at sistematikong paraan.

Ayon sa Department Order No. 21, s. 2020, "Patuloy na nararanasan ang kakulangan ng mga kagamitang panturo lalo't higit rural na lugar, na isang balakid sa epektibong pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay." (Department of Education, 2020).

Ang kakulangan sa mga aklat, modyul, at iba pang panturo ay malaking balakid sa edukasyon sa Pilipinas, partikular sa pagsulat ng sanaysay. Ang kawalan ng materyales ay naglilimita sa kakayahan ng mga guro na magbigay ng komprehensibong pagtuturo.

Sinuportahan din ito ng Department Order No. 42, s. 2021 kung saan nailahad na: "Ang kaguruan ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay upang mapanday ang kanilang sarili sa pagtuturo ng sanaysay. Ang kakulangan sa paglulunsad ng workshop at seminar para sa kaguruan ay nagiging balakid sa kanilang pagiging epektibo sa pagtuturo." (Department of Education, 2021).

Samantala, inilahad ni Bautista (2023), na ang limitadong oras na inilaan sa malikhaing pagsulat sa loob ng kurikulum ay isang malaking balakid sa paglinang ng kasanayang ito. Kadalasan, ang oras na nararapat gugulin para sa malikhaing pagsulat ay ikinukumpromiso upang bigyang-daan ang iba pang mga asignatura.
Nang unti-unting bumalik ang lahat sa normal ay napansin ang kahirapan ng mga mag-aaral at kaguruan. Marami sa mga mag-aaral ang nahirapan hindi lamang sa pagbasa at pag-unawa sa mga akademikong sulatin kundi maging sa pagsulat ng mga sanaysay. Ang kakulangan ng sapat na oras para sa pagtuturo ng sanaysay sa loob ng kurikulum ay nagreresulta sa mababaw na kabatiran at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kaya naman bilang guro sa Filipino, ninais ng mananaliksik na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

makatulong sa paaralan upang mapataas ang antas sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat at naisip ng mananaliksik na bumuo ng isang interbensyon – ang manwal bilang makabagong pagdulog din sa asignaturang Filipino. Sa ganitong paraan, ang paglikha ng manwal para sa malikhaing pagsulat ay hindi lamang naglalayon na matulungan ang mga mag-aaral at manunulat sa kanilang paglalakbay kundi pati na rin sa pagpapalakas at pagpapalaganap ng kaalaman sa larangang ito.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang mga katanungan ang sasagutin sa pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay batay sa:
   1. 1. Malinaw;
   1. 2. Organisado;
   1. 3. Istruktura; at
   1. 4. Orihinalidad?
2. Ano ang antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay batay sa:
   2.1. Introduksyon;
   2.2. Kaisahan;
   2.3. Kohirens; at
   2.4. Kawastuhan?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat?
4. May makabuluhang kaugnayan ba ang gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay sa pagganap ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang pamantayan sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay?
6. Anong planong gawain ang makatutulong upang magkaroon ng mas maunlad na pagganap sa malikhaing pagsulat batay sa resulta ng pagsusuri?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang ginamit na disenyo sa pananaliksik na ito ay deskriptibong paraan o ang palarawang pananaliksik (Descriptive Method). Layunin nitong mailarawan gamit ang talatanungan upang mas lalong mapagtibay ang mga datos na nakalap sa pag-aaral.

Ayon kay De Leon (2018), nilalayon ng pag-aaral na ito na matuklasan ang karaniwang kalagayan, proseso at gayundin ang sanhi at bunga ng mga ugnayan ng mga napiling baryabol sa isang pag-aaral. Ito ay nagagamit sa pagbibigay ng datos batay sa siyentipikong paghusga na nagiging daan upang magkaroon ng pangunahing kaalaman tungkol sa kalikasan ng mga bagay at tao. Nagbibigay rin ito ng hayagang obserbasyon ng paggamit, pagsasagawa, pag-uugali, pamamaraan, at mga hakbang. Malaki ang ginagampanan nito sa pag-unlad ng mga kagamitan sa pagsukat at pagtataya ng mga bagay-bagay na siyang nagiging daan sa pagbuo ng mga tagubilin sa lokal, nasyonal, at pang-internasyonal na antas.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay tumutukoy sa paglalahad sa mga nakalap na datos. Ito ay binigyan ng kaukulang presentasyon, pag-aanalisa, at interpretasyon ng mga datos sa pamamagitan ng mga talahanayan upang mabigyang kasagutan ang mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Ang bawat impormasyong nakuha ay inilahad nang maayos sa mga talahanayan.

**Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Malinaw, Organisado, Istruktura, at Orihinalidad.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, mga puna, at berbal na interpretasyon upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Malinaw. Ito ay makikita sa unang baryabol na kung saan ay napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mag-aaral sa usaping ito upang malinaw niyang mailahad ang nais niyang maipabatid sa kanyang sanaysay.

Ang talahanayan 1 ay binubuo ng mga pahayag tungkol sa Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Malinaw.

**Talahanayan 1**
***Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Malinaw***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Ang paggamit ng mga halimbawa at detalye ay nagbibigay ng suporta sa mga pahayag at nagpapakita ng kawastuhan.* | 4.77 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Kailangang maayos at malinaw ang daloy ng sanaysay sa pagitan ng mga talata at ideya.* | 4.82 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mahalaga ang maayos na pag-uulit ng mahahalagang impormasyon sa mambabasa.* | 4.62 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang paggamit ng mga tuntunin ng wika tulad ng bantas, tuldik, at bokabularyo ay nagpapakita ng kahusayan sa pagsulat.* | 4.72 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o opinyon ay nagpapakita ng malalim na pag-unawa.* | 4.67 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.72***
***Standard Deviation: 0.34***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Makikita sa talahanayan ang resulta sa lubhang mataas na antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral batay sa malinaw. Kailangang maayos at malinaw ang daloy ng sanaysay sa pagitan ng mga talata at ideya ay nakakuha ng (M=4.82, SD=0.40) at ang paggamit ng mga halimbawa at detalye ay nagbibigay ng suporta sa mga pahayag at nagpapakita ng kawastuhan ay mayroong (M=4.77, SD=0.44). Kahit na lubhang mataas na antas ng gabay sa pagsulat batay sa malinaw, ang pahayag na mahalaga ang maayos na pag-uulit ng mahahalagang impormasyon sa mambabasa at mayroong (M = 4.62, SD = 0.56) ay siyang may pinakamababang marka.

Ang kabuoang mean na 4.72, standard deviation na 0.34 ay nagpapakita na ang antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral batay sa malinaw ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Sa resultang nakalap ay nangangahulugang may sapat na kaalaman sa kalinawan sa pagsulat ang mga mag-aaral.

Ang mga natamong resulta ay naglalahad na ang mga mag-aaral ay mahusay sa paglikha ng malinaw at maayos na daloy ng sanaysay, gayundin sa paggamit ng mga angkop na halimbawa at detalye upang masuportahan ang kanilang mga pahayag.

Sa malikhaing pagsulat, ang pagiging "malinaw" ay isang mahalagang katangiang nagbibigay-daan sa mambabasa upang maunawaan ang mensahe, layunin, at kaisipan ng manunulat. Ang kalinawan ay nakukuha sa pamamagitan ng maayos na estruktura, simpleng wika, lohikal na pagpapahayag ng mga ideya, at kohesyon sa kabuoan ng akda. Ang pagiging malinaw sa pagsulat ay tumutulong upang makapaghatid ng isang mabisa at epektibong komunikasyon sa mga mambabasa.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Organisado. Ito ay makikita sa unang baryabol na kung saan ay napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mga Mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa usaping ito upang maging maayos ang daloy ng isang sanaysay. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga pahayag upang makuha ang Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Organisado.

**Talahanayan 2**
***Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Organisado***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Mahalagang masunod ang mga hakbang sa pagpaplano upang maging organisado ang pagsulat ng mga sanaysay.* | 4.78 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang pagiging organisado sa pagsulat ay nagpapakita ng kahusayan sa paghahanap, pag-aayos, at pagpili ng mga impormasyon na may kaugnayan sa paksa.* | 4.74 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mas madaling maipahayag ang mga ideya at mensahe sa malinaw at sistematikong pamamaraan.* | 4.77 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mahalaga ang paggamit ng mga pang-ugnay para mabuo ang mga bahagi ng sanaysay.* | 4.73 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay linaw tungo sa mas malalim na pag-unawa at pagsasaliksik ang mga organisadong sulatin.* | 4.71 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.75***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ipinapakita ng talahanayan ang resultang lubhang mataas ang antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay batay sa organisado, ang indikeytor na mahalagang masunod ang mga hakbang sa pagpaplano upang maging organisado ang pagsulat ng mga sanaysay ay nakakuha ng (M=4.78, SD=0.45) at mas madaling maipahayag ang mga ideya at mensahe sa malinaw at sistematikong paraan ay mayroong (M=4.77, SD=0.46). Kahit pa lubhang mataas na antas ng gabay sa pagsulat batay sa organisado, nakakuha ng pinakamababang marka ang pahayag na nagbibigay linaw tungo sa mas malalim na pag-unawa at pagsasaliksik ang mga organisadong sulatin at mayroong (M = 4.71, SD = 0.55).

Ang kabuoang mean na 4.75, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay batay sa organisado ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Nagpapakita ito ng pagkakaroon ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng organisasyon sa pagsulat.

Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagkakaroon ng organisasyon sa kanilang pagsulat, na nagpapadali sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang mga ideya at mensahe sa isang sistematikong paraan.

Ang Talahanayan 3 ay ay nagpapakita ng Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Istruktura. Ito ay makikita sa unang baryabol na kung saan ay napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mag-aaral sa usaping ito upang mapalalim nang husto ang kahulugan ng sanaysay. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga pahayag upang makuha ang Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Istruktura.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3**
***Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Istruktura***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Mas madaling maunawaan ng mga mambabasa ang bawat kaisipang taglay ng isang sulatin.* | 4.56 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Kapag maganda ang sanaysay ay mas nagiging epektibo ang pagpapahayag.* | 4.68 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mas nagiging malinaw at sistematiko ang mga argumento at katibayan sa pamamagitan ng tamang istruktura.* | 4.75 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng kaayusan at pagkakasunod-sunod ng mga ideya, na nagpapalakas sa kabuoan ng sanaysay.* | 4.72 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong upang maging malinaw at malaman ang direksyon at layunin ng pagsulat.* | 4.74 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.69***
***Standard Deviation: 0.37***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 3 ay naglalahad ng Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Istruktura. Ipinapakita ng talahanayan ang resulta na may literal na paliwanag na *lubhang mataas* ang antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral batay sa istruktura. Ang pahayag na *mas nagiging malinaw at sistematiko ang mga argumento at katibayan sa pamamagitan ng tamang istruktura* ay nakakuha ng *(M=4.75, SD=0.53)* at *ang nakatutulong upang maging malinaw at malaman ang direksyon at layunin ng pagsulat* ay mayroong *(M=4.74, SD=0.48).* Kahit pa *lubhang mataas* na antas ng gabay sa pagsulat batay sa istruktura, nakakuha ng pinakamababang marka ang pahayag na ang pahayag na *mas madaling maunawaan ng mga mambabasa ang bawat kaisipang taglay ng isang sulatin* at mayroong *(M = 4.56, SD = 0.57).*

Ang kabuoang mean na 4.69, standard deviation na 0.37 at ipinapakita na ang Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay batay sa Istruktura ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Makikita rin sa resulta na may kaalaman ang mga mag-aaral sa istruktura.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman sa tamang paggamit ng istruktura sa kanilang mga sanaysay, na nakatutulong upang maging malinaw at sistematiko ang kanilang mga argumento at layunin.

Ang talahanayan 4 ay naglalahad ng Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay batay sa Orihinalidad. Ito ay makikita sa unang baryabol na kung saan napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa usaping ito upang mapaigting ang pagpapanatili ng orihinalidad sa pagsulat ng sanaysay. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga pahayag upang makuha ang Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Orihinalidad.

**Talahanayan 4**
***Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Orihinalidad***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naipamamalas ang sariling boses at pananaw na lumitaw sa isang sanaysay.* | 4.65 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng iyong kakaibang pag-iisip at kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino.* | 4.60 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay-daan sa mga bagong ideya at konsepto na maaaring magbigay ng malalim na kahulugan sa iyong sanaysay.* | 4.69 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa paglikha ng mga kakaibang estilo at estruktura ng sanaysay na magpapaiba sa iyong akda.* | 4.53 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng iyong kakayahan sa paghahanap ng mga bagong perspektibo at solusyon sa mga suliranin na iyong tinatalakay.* | 4.77 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.65***
***Standard Deviation: 0.44***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Malinaw na ipinakita sa talahayanayan na *lubhang mataas* ang antas ng gabay sa pagsulat ng sanaysay batay sa orihinalidad, ang mga indikeytor na *nagpapakita ng iyong kakayahan sa paghahanap ng mga bagong perspektibo at solusyon sa mga suliranin na iyong tinalakay* ay nakakuha ng *(M=4.77, SD=0.57)* at *ang nagbibigay-daan sa mga bagong ideya at konsepto na maaaring magbigay ng malalim na kahulugan sa iyong sanaysay* ay mayroong *(M=4.69, SD=0.52).* Kahit pa *lubhang mataas* na antas ng gabay sa pagsulat batay sa orihinalidad, nakakuha ng pinakamababang marka ang pahayag

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

na *nakatutulong sa paglikha ng mga kakaibang estilo at estruktura ng sanaysay na magpapaiba sa iyong akda* at mayroong *(M = 4.53, SD = 0.66).*

Ang kabuoang mean na 4.65, standard deviation na 0.44 at ipinapakita na ang Antas ng Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay batay sa Orihinalidad ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Makikita rin sa result ana may kaalaman ang mga mag-aaral sa pagpapanatili ng orihinalidad sa pagsulat ng sanaysay.

Ipinapakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagpapanatili ng orihinalidad sa kanilang pagsulat ng sanaysay, na nagdudulot ng mga bagong ideya at perspektibo na nagbibigay ng mas malalim na kahulugan at pagkakaiba sa kanilang mga akda.

**Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay**
Ang talahanayan ay naglalaman ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay batay sa Introduksyon, Kaisahan, Kohirens, at Kawastuhan.

Sa pagkuha ng resulta makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, mga puna, at berbal na interpretasyon upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang talahanayan 5 ay naglalaman ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Introduksyon.

**Talahanayan 5**
***Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Introduksyon***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Ang paggamit ng malikhaing pangungusap o panghila ng pansin ng mambabasa ay nagpapalakas sa epekto ng panimula.* | 4.73 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang paglalahad ng pangunahing argumento ay nagtatakda ng direksyon ng sanaysay.* | 4.60 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang paggamit ng mga sanggunian ay nagpapalakas sa kredibilidad ng manunulat.* | 4.64 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang pagbuo ng isang maganda at kapana-panabik na panimula ay nagpapakita ng kasanayan ng manunulat sa pagkuha ng atensyon ng mambabasa.* | 4.79 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang paglalahad ng isang personal na karanasan o kuwento ay nagpapakita ng koneksiyon sa paksa at nagpapahiwatig ng pang-emosyonal na aspeto.* | 4.58 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.67***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 5 ay naglalahad ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Introduksyon. Lumabas ang resulta na may literal na paliwanag na *lubhang mataas* ang antas ng katangian sa pagsulat ng mga mag-aaral batay sa introduksyon, *ang pagbuo ng isang maganda at kapanapanabik na panimula ay nagpapakita ng kasanayan ng manunulat sa pagkuha ng atensyon ng mambabasa* ay nakakuha ng *(M=4.79, SD=0.48)* at *ang paggamit ng malikhaing pangungusap o panghila ng pansin ng mambabasa ay nagpapalakas sa epekto ng panimula* ay mayroong *(M=4.73, SD=0.52).* Kahit pa napansin na *lubhang mataas* na antas ng katangian sa pagsulat, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *paglalahad ng isang personal na karanasan o kuwento ay nagpapakita ng koneksiyon sa paksa at nagpapahiwatig ng pang-emosyonal na aspeto* at mayroong *(M = 4.58, SD = 0.61).*

May kabuoang mean na 4.67, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay batay sa Introduksyon ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinakita batay sa resulta ang kahalagahan ng introduksyon sa katangian sa pagsulat ng sanaysay.

Ang mga resulta ay naglalarawan ng kahalagahan ng introduksyon sa pagsulat ng sanaysay na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa paglikha ng makabuluhang panimula na nakakukuha ng atensyon ng mambabasa at nagpapalakas ng kabuoang epekto ng kanilang sanaysay.

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kaisahan. Ito ay makikita sa baryabol na kung saaan ay napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mag-aaral sa usaping ito upang mapalalim nang husto ang ideya o mensahe ng sanaysay. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga pahayag mean, standard deviation, at mga puna upang makuha ang Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kaisahan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 6**
***Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kaisahan***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Magkakaugnay ang kabuoan ng sanaysay.* | 4.77 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng kalinawan ng paksa.* | 4.77 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naglalahad ng isang kaisipan.* | 4.66 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapakita ng isang diwa ng sanaysay.* | 4.69 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May malinaw pagkakasunod-sunod ng mga ideya.* | 4.81 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.74***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 6 ay naglalahad ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kaisahan. Lumabas ang resulta na may literal na paliwanag na *lubhang mataas* ang antas ng katangian sa pagsulat ng mga mag-aaral batay sa kaisahan, *may malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga ideya* ay nakakuha ng *(M=4.81, SD=0.44)* at *ang magkakaugnay na kabuoan ng sanaysay* ay mayroong *(M=4.77, SD=0.46).* Kahit pa napansin na *lubhang mataas* na antas ng katangian sa pagsulat, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *naglalahad ng isang kaisipan* at mayroong *(M = 4.66, SD = 0.55).*

May kabuoang mean na 4.74, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay batay sa Kaisahan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinakita rin sa resulta ang kakayahan ng mga mag-aaral na makalikha ng sanaysay na nagtataglay ng kaisahan.

Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makalikha ng sanaysay na nagtataglay ng kaisahan, na may malinaw at magkakaugnay na pagkakasunod-sunod ng mga ideya, na nagreresulta sa isang komprehensibo at organisadong akda.

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kohirens. Ito ay makikita sa baryabol na kung saan ay napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa usaping ito upang mapalalim nang husto ang kaugnayan ng bawat talata sa isang sanaysay. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna upang makuha ang Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kohirens.

**Talahanayan 7**
***Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kohirens***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Ang paggamit ng mga salita, parirala, at pangungusap ay nagpapakita ng kahulugan at ugnayan sa buong sanaysay.* | 4.69 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang mga halimbawa at detalye ay nagpapaliwanag at nagbibigay ng suporta sa mga argumento ng sanaysay.* | 4.70 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Ang bawat talata ay naglalaman ng iisang pangunahing ideya o punto na nagbibigay ng malinaw na direksyon.* | 4.64 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagiging gabay tungo sa pagbibigay ng malinaw na istruktura at organisasyon sa pagsulat ng sanaysay.* | 4.70 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ng malinaw na pag-unawa sa mga mambabasa tungkol sa layunin at mensahe ng sanaysay.* | 4.72 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.69***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 7 ay naglalahad ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kohirens. Lumabas ang result ana may literal na pahayag na *lubhang mataas* na antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral batay sa kohirens, *nagbibigay ng malinaw na pag-unawa sa mga mambabasa tungkol sa layunin at mensahe ng sanaysay* ay nakakuha ng *(M=4.72, SD=0.49)* at *ang mga halimbawa ng detalye ay nagpapaliwanag at nagbibigay ng suporta sa mga argumento ng sanaysay* ay mayroong *(M=4.70, SD=0.54).* Kahit pa napansin na *lubhang mataas* na antas ng katangian sa pagsulat, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *bawat talata ay naglalaman ng iisang pangunahing ideya o punto na nagbibigay ng malinaw na direksyon* at mayroong *(M = 4.64, SD = 0.53).*

May kabuoang mean na 4.69, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay batay sa Kohirens ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinakita rin sa resulta na ang kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang kohirens sa pagsulat ay kanilang naisagawa.

Ang resulta ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may kakayahang magamit ang kohirens sa pagsusulat, na nagreresulta sa isang malinaw at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya at argumento sa kanilang mga sanaysay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Upang makamit ang kohirens, kailangang: a) gumamit ng epektibong metodo ng debelopment o paraan ng pagpapahayag; b) organisahin ang mga pangungusap mula sa simula hanggang sa wakas sa tulong ng epektibong patern ng organisasyon; at c) gumamit ng mge epektibo na salitang transisyunal.

**Talahanayan 8**
*Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kawastuhan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Mahalaga ang pag-iwas sa mga pagkakamali sa pagbaybay, paggamit ng mga salita, at iba pang teknikal na aspeto.* | 4.65 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapahayag ng mga katotohanan na suportado ng mga ebidensya.* | 4.82 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng malinaw na pagsusuri o opinyon batay sa katotohanan.* | 4.79 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagkakaroon ng malinaw at kahanga-hangang pagsulat ng sanaysay na nagtataglay ng kahalagahan at kalidad.* | 4.72 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong upang magkaroon ng balanseng pagsipat sa mga argumento at punto ng sanaysay.* | 4.70 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.74***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang talahanayan 8 ay naglalahad ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kawastuhan. Ito ay makikita sa baryabol na kung saan may napakahalaga sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa usaping ito upang mapalalim nang husto ang kawastuhan sa pagsulat ng sanaysay. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna upang makuha ang Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kawastuhan.

Ang talahanayan 8 ay naglalahad ng Antas ng Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral batay sa Kawastuhan. Lumabas ang resulta na may literal na paliwanag na *lubhang mataas* na antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral batay sa kawastuhan, *nagpapahayag ng mga katotohanan na suportado ng mga ebidensya* ay nakakuha ng *(M=4.82, SD=0.41)* at *ang nakapagbibigay ng malinaw na pagsusuri o opinyon batay sa katotohanan* ay mayroong *(M=4.79, SD=0.45).* Kahit pa napansin na *lubhang mataas* na antas ng katangian sa pagsulat, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang *mahalaga ang pag-iwas sa mga pagkakamali sa pagbabaybay, paggamit ng mga salita, at iba pang teknikal na aspeto* at mayroong *(M = 4.65, SD = 0.60).*

May kabuoang mean na 4.74, standard deviation na 0.35 at ipinapakita na ang antas ng katangian sa pagsulat ng sanaysay batay sa Kawastuhan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinakita rin sa resulta ang kakayahan ng mga mag-aaral na makalikha ng sanaysay sa wastong kaparaanan.

Ipinakikita sa resulta ang kakayahan ng mga mag-aaral na makalikha ng sanaysay sa wastong kaparaanan.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat**

Ang talahanayan ay naglalaman ng Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat.

Ang talahanayan ay binubuo ng Marka, Kabuoan, Bahagdan, at Mapaglarawang Katumbas. Inilalahad nito ang Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat.

**Talahanayan 9**
***Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat***

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 90 - 100 | 47 | 30.62 | Namumukod tangi |
| 85 - 89 | 31 | 20.13 | Lubhang Kasiya-siya |
| 80 - 84 | 39 | 25.32 | Kasiya-siya |
| 75 - 79 | 13 | 8.44 | Medo Kasiya-siya |
| Below 75 | 24 | 15.58 | Hindi Naabot ang Inaasahan |
| **Total** | **154** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***83.31*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***50*** | | |
| **Pinakamataas na marka** | ***98*** | | Kasiya-siya |
| **Standard Deviation** | ***11.06*** | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita ng Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat. Sa talahanayang ito makikita ang pagganap ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat ng isang sanaysay. Dito nakapaloob ang mga bahagdan na kinailangan din sa pagmamarka. Ang talahanayan 9 ay binubuo ng Marka, Kabuoan, Bahagdan, at Mapaglarawang Katumbas.

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita ng Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Malikhaing Pagsulat, sa kabuoang isang daan at limamput-apat na tagatugon, ang marka na *"90 - 100*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na apatnaput-pito (47) o 30.62% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Namumukod tangi*. At ang marka na *"80 - 84"* ay mayroong bilang na tatlumput-siyam (39) o 25.32% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Kasiya-siya*. Habang ang marka na *"75 - 79"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na labingtatlo (13) o 8.44% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Medo Kasiya-siya*.

May kabuoang *(Weighted Mean = 83.31, SD = 11.06)* at *(pinakamababang marka = 50, pinakamataas na marka = 98)* ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa malikhaing pagsulat ay may mapaglarawang katumbas na *Kasiya-siya*. Sa resulta ng pagganap ng mga mag-aaral ipinakita ng resulta ng mga datos na mas marami ang nakakuha ng mataas na marka.

Ang resulta ay nagpapakita rin na mas marami ang nakakuha ng mataas na marka sa malikhaing pagsulat. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay may kakayanang mailapat ang kanilang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay upang mailahad nang malinaw at maayos ang kanilang mga sulatin.

**Makabuluhang Kaugnayan ng Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Sa talahanayan ay makikita ang Makabuluhang Kaugnayan ng Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang talahanayan ay binubuo ng Gabay at Katangian, Pagganap, P-Value, Katibayan ng Ugnayan, at Analisis.

Ang talahanayan 10 ay nagpapakita ng Makabuluhang Kaugnayan ng Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay sa Pagganap ng mga Mag-aaral. Dito malalaman na mahalaga ang Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral. Nakapaloob dito ang makabuluhang pag-aaral at ginawang pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral na napakahalaga sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik sapagkat nangangahulugan na ang gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay ay may kabuluhan. Ang talahanayan 10 ay binubuo ng Gabay at Katangian, Pagganap, P-Value, Katibayan ng Ugnayan, at Analisis.

**Talahanayan 10**

***Makabuluhang Kaugnayan ng Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| | | *Pagganap* |
|---|---|---|
| Malinaw | Pearson Correlation | *0.34* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Organisado | Pearson Correlation | *0.256* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Istruktura | Pearson Correlation | *0.297* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Orihinalidad | Pearson Correlation | *0.298* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Palatandaan:

| **Sukatan** | **Katibayan ng Ugnayan** |
|---|---|
| $\pm 0.00$ | walang pagkakaugnay, Walang relasyon |
| $\pm 0.01 - \pm 0.20$ | napakababang pagkakaugnay, Halos walang relasyon |
| $\pm 0.21 - \pm 0.40$ | mababang pagkakaugnay, Tiyak ngunit mababaw ang relasyon |
| $\pm 0.41 - \pm 0.70$ | katamtamang pagkakaugnay, Makabuluhan ang relasyon |
| $\pm 0.71 - \pm 0.90$ | mataas na pagkakaugnay, Kapuna-puna ang relasyon |
| $\pm 0.91 - \pm 0.99$ | napakataas na pagkakaugnay, Mapapaniwalaan ang relasyon |
| $\pm 1.00$ | Lubos ang pagkakaugnay, Ganap na may relasyon |

Talahanayan 10 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay sa pagganap ng mga mag-aaral**.** Ang datos ay ginamitan ng istatistikong pamamaraan na nagresulta ng tinuos na halaga para sa *r-value*. Ipinapakita dito na ang tinuos na halaga para sa *Malinaw, Organisado, Istruktura, at sa Orihinalidad* ay may pagkakaugnay at mayroong mababa na suportang tinuos na *p-value* at ang pagsusuri ay makabuluhan.

Batay sa datos na nakalap, ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang kaugnayan ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay sa pagganap ng mga mag-aaral*" ay hindi tinatanggap. Sa halip, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay at pagganap ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Kaugnayan ng Pamantayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay**

Sa talahanayan ay makikita ang Makabuluhang Kaugnayan ng Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay sa Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang talahanayan ay binubuo ng Pamantayan, Pagganap, P-Value, Katibayan ng Ugnayan, at Analisis.

Ang talahanayan 11 ay nagpapakita ng Makabuluhang Kaugnayan ng Pamantayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay. Dito malalaman na mahalaga ang Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral. Nakapaloob dito ang makabuluhang pag-aaral at ginawang pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral na napakahalaga sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik sapagkat nangangahulugan na ang pamantayan sa pagsulat ng sanaysay ay may kabuluhan. Ang talahanayan 11 ay binubuo ng Pamantayan, Pagganap, P-Value, Katibayan ng Ugnayan, at Analisis.

**Talahanayan 11**

***Makabuluhang Kaugnayan ng Pamantayan sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay***

| | | *Pagganap* |
|---|---|---|
| Introduksyon | Pearson Correlation | *0.24* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Kaisahan | Pearson Correlation | *0.337* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Kohirens | Pearson Correlation | *0.289* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |
| Kawastuhan | Pearson Correlation | *0.365* |
| | Sig. (2-tailed) | *.000* |
| | N | *153* |
| | Strength | *Mababang pagkakaugnay* |
| | Analysis | *Makabuluhan* |

Palatandaan:

| **Sukatan** | **Katibayan ng Ugnayan** |
|---|---|
| $\pm 0.00$ | walang pagkakaugnay, Walang relasyon |
| $\pm 0.01 - \pm 0.20$ | napakababang pagkakaugnay, Halos walang relasyon |
| $\pm 0.21 - \pm 0.40$ | mababang pagkakaugnay, Tiyak ngunit mababaw ang relasyon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| $\pm 0.41 - \pm 0.70$ | katamtamang pagkakaugnay, Makabuluhan ang relasyon |
| $\pm 0.71 - \pm 0.90$ | mataas na pagkakaugnay, Kapuna-puna ang relasyon |
| $\pm 0.91 - \pm 0.99$ | napakataas na pagkakaugnay, Mapapaniwalaan ang relasyon |
| $\pm 1.00$ | Lubos ang pagkakaugnay, Ganap na may relasyon |

Talahanayan 11 ay nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan ng pamantayan sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay**.** Ang datos ay ginamitan ng istatistikong pamamaraan na nagresulta ng tinuos na halaga para sa *r-value*. Ipinapakita dito na ang tinuos na halaga para sa *Introduksyon, Kaisahan, Kohirens, at sa Kawastuhan* ay may pagkakaugnay at mayroong mababa na suportang tinuos na *p-value* at ang pagsusuri ay makabuluhan.

Batay sa datos na nakalap, ipinapakita nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang kaugnayan ng pamantayan sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay*" ay hindi tinatanggap. Sa halip, ipinapakita na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan ng pamantayan sa pagganap ng mga mag-aaral at pagsulat ng sanaysay.

**Planong gawain na nais imungkahi matapos ang pag-aanalisa ng pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng planong gawain na nais imungkahi matapos ang pag-aanalisa ng pag-aaral.

Dito makikita ang isang Pang-mag-aaral na Manwal na makatutulong sa mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat.

**Pang-Mag-aaral na Manwal sa Pagsulat ng Malikhaing Sanaysay**

**Kabuoang Layunin**

Ang manwal na ito ay binubuo ng mga sumusunod na layunin:

1. Matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral ukol sa mga impormasyon kaugnay sa mga gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay.
2. Maidetalyeng mabuti ang mga nakapaloob sa mga gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay na magpapalawak sa kaalaman ng mga mag-aaral.
3. Makatulong at maging patnubay sa mga mag-aaral upang makapagsagawa ng malikhaing sanaysay.

**Tungkol saan ang manwal na ito?**

Ang manwal na ito ay inilimbag upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-labing isang baitang sa Senior High School. Ang manwal na ito ay kinapalolooban ng mga Gabay at Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay. Nawa'y lubos na makatulong ang manwal na ito sa mga mag-aaral sa Senior High School lalo na sa mga nasa ika-labing isang baitang.

Matugunan nawa nito ang pangangailangan ng mga mag-aaral at nawa'y makatulong ang manwal na ito sa kakayahang pang-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay**

Ang Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ay isang tulong o pagsasanay na naglalayong gabayan ang mga manunulat sa pagsulat ng mga sanaysay. Ito ay nagbibigay ng mga impormasyon, estratehiya, at mga hakbang na maaaring sundan upang maging epektibo sa pagsulat ng sanaysay.

Ang Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ay maaaring maglaman ng mga patnubay sa pagpili ng isang Magandang paksa, pagbuo ng maayos na introduksyon, pagkakasunod-sunod ng mga ideya, at pagbibigay ng malakas na konklusyon. Maaari rin itong magbigay ng mga halimbawa at pagsasanay upang matulungan ang mga manunulat na maunawaan ang mga konsepto at maipahayag ang kanilang mga ideya sa isang malinaw at epektibong pamamaraan.

Ang Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay ay isang mahalagang sangkap sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagsulat ng mga indibidwal. Ito ay maaaring gamitin bilang isang mapagkukunan ng impormasyon at gabay upang mapabuti ang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay.

Narito ang isang halimbawa ng isang pang-mag-aaral na manwal tungkol sa "Gabay sa Pagsulat ng Sanaysay" batay sa Malinaw, Organisado, Istruktura, at Orihinalidad:

**A. Malinaw**
- Magsimula sa malinaw na pagsasaad ng iyong paksa o layunin sa sanaysay.
- Iwasan ang labis na komplikadong mga pangungusap at gumamit ng malinaw at tuwid na mga salita.
- Magbigay ng mga halimbawa o detalye upang mas maipaliwanag ang iyong mga ideya.

**B. Organisado**
- Magkaroon ng maayos na pagkakasund-sunod ng mga ideya at argumento.
- Gamitin ang mga transitional devices tulad ng "sa una, sa ikalawa, sa huli" upang magbigay ng malinaw na pagkakasunod-sunod.
- Maglagay ng mga subheading o mga numero upang magbigay ng organisasyon sa iyong sanaysay.

**C. Istruktura**
- Sundin ang tradisyunal na istruktura ng sanaysay: introduksyon, katawan, at konklusyon.
- Sa introduksyon, ipakilala ang paksa at magbigay ng isang maikling pagsusuri ng mga ideya na iyong tatalakayin.
- Sa katawan, magbigay ng mga detalye, mga halimbawa, at mga argumento upang suportahan ang iyong mga punto.
- Sa konklusyon, ibalik ang iyong mga pangunahing punto at magbigay ng isang malinaw na pagtatapos sa iyong sanaysay.

**D. Orihinalidad**
- Maging malikhain at magbigay ng sariling perspektiba sa iyong pagsulat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

- Iwasan ang pagkopya o pagpapa-plagiarize ng mga ideya ng iba.
- Magsagawa ng sariling pananaliksik o pagsusuri upang magkaroon ng orihinal na mga ideya.

**Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay**

Ang mga Katangian sa Pagsulat ng Sanaysay ay mga aspeto o mga bahagi ng pagsulat ng sanaysay na dapat bigyang pansin at maunawaan ng isang manunulat. Ang mga ito ay naglalayong magbigay ng gabay at pamantayan sa pagsulat ng isang epektibong sanaysay.

Ang mga katangiang ito tulad ng Introduksyon, Kaisahan, Kohirens, at Kawastuhan ay nagbibigay ng estruktura at organisasyon sa isang sanaysay. Ang Introduksyon ay naglalayong magbigay ng isang malikhain at kapana-panabik na pagsisimula upang maakit ang mga mambabasa, Ang Kaisahan ay nagtitiyak na may maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga ideya at argumento. Ang Kohirens ay nagpapakita ng magandang pagkakabagay ng mga ideya at argumento sa buong sanaysay. At ang Kawastuhan ay nagpapahalaga sa tamang paggamit ng mga salita at gramatika upang maging malinis at wasto ang pagsulat.

Ang mga katangiang ito ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng kaayusan at kahulugan sa isang sanaysay. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga katangiang ito, mas nagiging malinaw at madaling maunawaanng mga mambabasa ang mga ideya at argumento nan ais ipahayag ng manunulat. Ito rin ay nagbibigay ng propesyonalidad at kredibilidad sa pagsulat ng sanaysay.

Sa pangkalahatan, ang pag-unawa at pagsunod sa mga katangian sa pagsulat ng sanaysay ay mahalaga upang makabuo ng isang epektibong sanaysay na may malinaw na layunin at malakas na impluwensiya sa mga mambabasa.

Narito ang isang halimbawa ng mga katangian sa pagsulat ng sanaysay batay sa Introduksyon, Kaisahan, Kohirens, at Kawastuhan:

A. **Introduksyon**
   - Magsimula sa isang malikhain at kapana-panabik na pagsisimula upang maakit ang mga mambabasa.
   - Ipakilala ang iyong paksa at magbigay ng isang maikling pagsusuri ng mga ideya o isyu na iyong tatalakayin sa sanaysay.
   - Maglagay ng isang malinaw na thesis statement na naglalaman ng iyong pangunahing punto o argumento.

B. **Kaisahan**
   - Magkaroon ng maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga ideya at argumento.
   - Maglagay ng mga transitional devices o mga pang-ugnay na salita upang magbigay ng magandang daloy sa iyong pagsulat.
   - Siguraduhing ang bawat talata ay may kaugnayan sa pangunahing paksa o argumento ng sanaysay.

C. **Kohirens**
   - Magkaroon ng Magandang pagkakabagay ng mga ideya at argumento sa loob ng buong sanaysay.
   - Iwasan ang mga salitang walang kabuluhan o mga pahayag na hindi konektado sa pangunahing paksa.
   - Gamitin ang mga pang-ugnay at mga transitional devices upang maiugnay ang mga ideya at argumento sa loob ng sanaysay.

D. **Kawastuhan**
   - Maging maingat sa paggamit ng tama at wastong mga salita at gramatika.
   - Iwasan ang mga pagkakamali sa pagbabaybay, paggamit ng mga salitang hindi tamang tayming, o maling pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap.
   - Mag-rebyu at mag-edit ng iyong sanaysay upang matiyak na malinis at wasto ang iyong pagsulat.

Sa larangan ng akademikong pagsulat, mahalaga ang paggamit ng manwal ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay ng mga gabay at patakaran sa mga mag-aaral upang matutunan ang mga tamang pamamaraan at pamantayan sa pagsulat. Sa pamamagitan ng manwal na ito, ang mga mag-aaral ay matututong sumunod sa mga istruktura at pormat ng akademikong pagsulat, kabilang ang tamang paggamit ng mga sanggunian, pormat ng papel, at iba pang mga teknikal na aspeto sa pagsulat. Bukod pa rito, ito rin ay nagbibigay ng kahalagahan sa pagiging responsible at propesyonal sa larangan ng pagsulat, na siyang magpapalakas sa kanilang kakayahan bilang isang manunulat.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Base sa inilahad na resulta ng pananaliksik, ang mga konklusyon na sumusunod ay nabuo.

1. Ipinapakita na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan ng gabay at katangian sa pagsulat ng sanaysay kung kaya't ang haypotesis sa unang kabanata na "walang makabuluhang kaugnayan" ang mga ito ay huwag tanggapin. Nagpapatunay lamang na ang gabay at katangian ay nakatutulong sa pagsulat ng sanaysay.
2. Ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan ng pamantayan at pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay kung kaya't ang haypotesis sa unang kabanata na "walang makabuluhang kaugnayan" ang mga ito ay huwag tanggapin.. Lumabas sa pag-aaral na nakatutulong ang pamantayan sa malikhaing pagsulat.

Batay sa resulta at konklusyon sa pagsusuri, ang mga sumusunod ang rekomendasyon sa pag-aaral:

1. Sa mga guro ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, maaaring ipagpatuloy ang magandang simulain sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na maaaring makahikayat sa mga mag-aaral upang patuloy na magsanay sa paggamit ng wikang Filipino.
2. Para sa mga School Head, maaaring maglunsad ng iba't ibang seminar o workshop para sa mga mag-aaral upang lalong mahasa ang kanilang kakayahan sa pagsulat at lalong mapalawak ang kaalaman.
3. Sa mga mananaliksik sa hinaharap, maaari pang susugan ang pag-aaral na ito upang makapaglunsad ng iba't ibang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

teknik o dulog na lalong magpapaunlad sa kakayanan sa pagganap ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat.

## TALASANGGUNIAN

1. *Department of Education. (2020). Department Order No. 32, s. 2020. Guidelines on the Distribution and Utilization of Learning Resources. Manila, Philippines 92 Department of Education. (2021) Department Order No. 42, s. 2021: National Educators Training Program, Manila, Philippines*
2. *Bautista, H. G. (2023). Digital storytelling at malikhaing pagsulat: Mga bagong hangganan sa pamamahayag ng panitikan. Philippine Journal of Modern Literature, 22 (4),78-94*
3. *De Leon, E. B. (2018). Pagbasa at Panunuri sa Pananaliksik. Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.*